REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

# KAPASIYAHAN BILANG 93-110

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGBAYAN, MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA ISAGAWA ANG NARARAPAT NA HAKBANG UPANG ANG LUPANG NAIPAGKALOOB SA PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAMAMAGITAN NG DONASYON NA MAY SUKAT NA 16,045 METRO CUADRADO NA BAHAGI NG LOTE BILANG 392 SA BARANGAY ALABANG, MUNTINLUPA AY MAITALA SA REGISTRY OF DEEDS UPANG MABIGYAN NG KARAMPATANG OWNER'S CERTIFICATE OF TITLE.

************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Dante S. Almario
Kgg. Alejandro L. Martinez
Kgg. Lucio B. Constantino

************************************************************

SAPAGKAT, noong Setyembre, 1978, ang Bureau of Research and Laboratorities sa pamamagitan ng kinatawan nito na si Dr. Lesaca V. Sevilla ay nagkaloob sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa na kinakatawan ng dating Punongbayan Maximino A. Argana ng isang lagay na lupa na may sukat na 16,045 metro cuadrado na bahagi ng lote bilang 392 na matatagpuan sa Barangay Alabang, Muntinlupa na kinatigan ng dating Ministro ng Ministri ng Kalusugan, Kgg. Clemente S. Gatmaitan ang nabanggit na donasyon;

SAPAGKAT, ang Owner's Certificate of Title ng nabanggit na lote ay hindi pa naitala sa Registry of Deeds na may hurisdiksiyon sa nabanggit na pag-aari;

SAPAGKAT, ang Punongbayan at mga Kagawad ng Sangguniang Bayan ang may responsibilidad na gumawa ng nararapat na hakbang upang mapangalagaan ang propiyedad na interes ng Pamahalaang Bayan at ng mamamayan sa tamang pagrerehistro sa Registry of Deeds maging ang pagsagawa ng pagpapatala nito na maaaring kabilangan ng pagsusukat o relocation survey base sa teknikal na paglalarawan ng lote at ang pagtatayo ng bakod dito;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan na binibigyan ng kapangyarihan ang Punongbayan, Mggl. Ignacio R. Bunye na isagawa ang nararapat na hakbang upang ang lupang naipagkaloob sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng donasyon na may sukat na 16,045 metro cuadrado na bahagi ng lote bilang 392 sa Barangay Alabang, Muntinlupa ay maitala sa Registry of Deeds upang mabigyan ng karampatang Owner's Certificate of Title.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-61st regular na pulong na ginanap ngayong ika-25 ng Oktubre, 1993.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



(On-Leave)
KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

(Absent)
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan